


# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Ang Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatatag ng Nagsasariling Pamahalaan



**Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Ang Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa  
Pagtatatag ng Nagsasariling Pamahalaan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Carmela M. De Gracia	
<b>Editor:</b>	Marife E. Cajutol, Vie Gee Lou G. Opsima Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.	
<b>Tagasuri:</b>	Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar	
<b>Tagaguhit:</b>	Cherry Dawn M. Macatubal	
<b>Tagalapat:</b>	Jewelyn Q. Cadigal	
<b>Tagapamahala:</b>	Ramir B. Uytico	Pedro T. Escobarte, Jr.
	Portia M. Mallorca	Nelly E. Garrote
	Elena P. Gonzaga	Donald T. Genine
	Celestino S. Dalumpines IV	Junry M. Esparar
	Mary Helen M. Bocol	Blas P. Tabayag, Jr.
	Jewelyn Q. Cadigal	Emee Ann P. Valdez

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City  
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653  
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# **Araling Panlipunan**

## **Ikalawang Markahan – Modyul 2:**

### **Ang Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatatag ng Nagsasariling Pamahalaan**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ng SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo an gating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang paghangad ng mga Pilipino na makalaya o makapagsarili ay hindi natapos kahit nahuli na si Heneral Emilio Aguinaldo at nagwakas ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Ngunit sa pagnanais ng mga Pilipino na makalaya sa kamay ng mga dayuhan na mananakop sila ay gumawa ng paraan upang matupad ito.

Sa modyul na ito ay iyong malalaman mo kung ano ang mga ginawa ng mga Pilipino upang makamit ang ating kalayaan at makapagpamahala ng sariling Pamahalaan.

May dalawang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1- Ang Asambleya ng Pilipinas
- Aralin 2- Mga Misyong Pangkalayaan (Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie)

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

1. naipaliliwanag ang mga pagsusumikap ng mga Pilipino tungo sa pagtatatag ng nagsasariling pamahalaan;
2. naibibigay ang mahalagang batas na naisagawa ng Asambleya ng Pilipinas at ang naging pagsalungat ng mga Amerikano sa pagsisikap ng mga Pilipino na makapagsarili;
3. matutukoy ang itinadhana ng Batas Jones 1916 tungo sa pagsasarili ng Pilipinas;
4. naiisa-isa ang mga misyong pangkalayaan na pinadala ng Pilipinas sa Estados Unidos;
5. natutukoy ang mahahalagang probisyon ng Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie tungo sa pagsasarili; at
6. nasusuri ang tunggaliang namagitan sa mga lider na Pilipino tulad nina Osmeña at Quezon.



## **Subukin**

Bago tayo magsimula sa ating bagong aralin, subukan mo munang sagutan ang katanungan sa ibaba.

- A. Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.
1. Ang Batas Tydings-McDuffie ay isa sa mga batas ukol sa Pilipinas na may probisyong \_\_\_\_\_.
    - A. pagkilala sa mga sagisag ng Estados Unidos tulad ng bandila.
    - B. kontrolin ng Estados Unidos ang ekonomiya ng Pilipinas.
    - C. magpadala ng kinatawan ng bansa sa kongreso ng Estados Unidos.
    - D. ganap na kalayaan ng Pilipinas pagkatapos ng 10 taon.
  2. Ang Misyong OSROX ay pinadala sa Estados Unidos sa kagustuhan ng mga Pilipino na makapagsarili. Kilala ito sa ating kasaysayan bilang?
    - A. Batas Hare-Hawes-Cutting
    - B. Pamahalaang Militar
    - C. Misyong Pangkalayaan
    - D. Batas Tydings-McDuffie
  3. Itinadhana ng Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie ang \_\_\_\_\_.
    - A. pagpatupad ng pamahalaang sibil kapalit ng pamahalaang militar
    - B. pagbigay ng kalayaan pagkatapos ng 10 taong transisyon sa pamamahala
    - C. mga pinunong Pilipino ang papalit sa pamunuang Amerikano
    - D. pagtatatag ng Pamahalaang Komonwelt kapalit ng Pamahalaang Militar
  4. Anong batas ang nagtakda ng pagtatatag ng Asambleang Pilipinas bilang Mababang Kapulungan na kakatawan sa mga Pilipino bilang tagapagbatas.
    - A. Batas Cooper
    - B. Batas Jones 1916
    - C. Batas Gabaldon
    - D. Batas bilang 1870

5. Ang pagbuo ng Asambleya Filipina ay isa sa paghahanda ng mga Pilipino sa kalayaan. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpakita ng kakayahan ng mga Pilipino sa pamumuno?
- A. paglinang ng likhang – kultural laban sa Amerikano
  - B. pagpapaunlad ng impluwensyang Amerikano sa pamahalaan
  - C. pagsunod ng mga Pilipino sa patakarang pang-edukasyon ng mga Amerikano
  - D. pinagbuti ng mga Pilipino ang pamamalakad sa pamahalaan

B. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap o pahayag. Isulat ang **Tama** kung wasto ang pahayag at **Mali** kung hindi.

1. Si Jose Barlin, Obispo ng Naga ang namuno sa dasal nang pinasinayaan ang Asambleya ng Pilipinas sa Manila Grand Opera House noong Oktubre 16, 1907.
2. Ayon sa Batas Pilipinas 1902, dapat kilalanin ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas kapag mayroon na itong matatag na pamahalaan.
3. Batas Panunulisan (Brigandage Act) noong 1902 na nagpaparusa ng pagkabilanggo sa mga Pilipino na magtayo o bumuo ng mga samahan at kilusang makabayan.
4. Ang Batas Jones 1916 ay nagtadhana ng kalayaan para sa Pilipinas, subalit hindi nito tiniyak ang takdang taon ng pagbibigay kalayaan.
5. Sinasabing ang Batas Tydings-McDuffie ay halos kopya lamang ng Batas Hare-Hawes-Cutting.

## Aralin

# 1

## Ang Asambleang Pilipinas

Kumusta ka na? Handa ka na ba sa bagong aralin natin? Ang aralin nating ngayon ay tungkol sa pagtatag ng Asambleang Pilipinas, ang sangay ng pamahalaan sa paggawa ng batas. Tatalakayin dito ang iba't ibang batas na nabuo at ipinatupad sa bansa. Handa ka na ba?

Inaasahang pagkatapos ng aralin, magagawa mo ang sumusunod:

1. maibibigay ang mahalagang batas na naisagawa ng Asambleang Pilipinas at ang naging pagsalungat ng mga Amerikano sa pagsisikap ng mga Pilipino na makapagsarili; at
2. matutukoy ang itinadhana ng Batas Jones 1916 tungo sa pagsasarili ng Pilipinas.



### **Balikan**

Bago tayo pumunta sa ating bagong aralin. Balikan mo muna ang nakaraang aralin.

Panuto: Sino o ano ang tinutukoy ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong komisyon na may layunin na mapaunlad ang kabuhayan ng mga Pilipino at maituro ang wikang Ingles sa mga paaralan?
2. Anong komisyon na ang pangunahing layunin nito ay maipatupad ang minungkahi ng unang komisyon?
3. Ano ang wikang ginamit sa pagtuturo sa mga paaralan sa panahon ng Amerikano?
4. Anong komisyon ang naglaan ng pondo na P2 Milyon para sa paggawa ng mga tulay at daan?



5. Anong komisyon ang itinatag upang magsiyasat at mag-ulat sa kalagayan ng Pilipinas?
6. Sino ang pinuno ng Unang Komisyon?
7. Sino ang Pangulo ng Estados Unidos na nagtatag ng Komisyon ng Pilipinas?
8. Sino ang pinuno ng Ikalawang Komisyon?
9. Anong komisyon ang nagmungkahi na magbukas ng mga paaralang pampubliko?
10. Anong komisyon ang nagpahihwalay ng kapangyarihan ng Simbahan at Estado?



## ***Tuklasin***

Meron ka bang alam tungkol sa kauna-unahang Asambleya ng Pilipinas noong 1907? Sagutin mo ang sumusunod na katanungan sa maikling pangungusap o paliwanag.

1. Bilang mag-aaral, sa iyong palagay bakit kaya pinaghusayan ng mga Pilipino ang pagiging kasapi ng Asambleya ng Pilipinas?
2. Sapat na kaya ang mga natutunan at kakayahan ng mga pinunong Pilipino sa pamamahala?



## ***Suriin***

### **Ang Asambleya ng Pilipinas**

Ang Batas ng Pilipinas 1902 o Batas Cooper na itinaguyod ni Kongresista Henry Allen Cooper, ay pinagtibay noong Hulyo 1, 1902. Ang Batas na ito ay nagtadhana sa pagpapadala sa Estados Unidos ng dalawang residenteng komisyonado. Bibigyan sila ng karapatang makilahok sa mga debate o sesyon ng Mababang Kapulungan sa Kongreso ng Estados Unidos ngunit walang karapatang bumoto sa anumang isyu o batas ng Kapulungan.

Ang unang dalawang komisyonadong ipinadala ay sina Pablo Ocampo at Benito Legarda bilang kinatawan ng Pilipinas.

Ang Batas Pilipinas 1902 o Batas Cooper ay nagtakda ng probisyong pagtatatag ng Asambleang Pilipinas. Kaya noong Hulyo 30, 1907 ay naganap ang isang halalan ng mga kagawad ng Asambleang Pilipinas. Ito ay pinasinayaan noong Oktubre 16, 1907 sa Manila Grand Opera House. Si Jose Barlin, Obispo ng Naga ang namuno sa dasal. Nahalal si Sergio Osmeña, Sr. bilang ispiker at si Manuel L. Quezon bilang Lider ng Mayorya.

Bilang paghahanda sa pagsasarili itinatag ng pamahalaan ang Asambleang Pilipinas. Ang Asambleang Pilipinas ay binuo ng mga Pilipinong nakiisa sa Pamahalaang Sibil na itinatag ng mga Amerikano.

Sa pagkakatatag ng Asambleang Pilipinas naging malaking hamon sa mga Pilipino na mapatunayan na handa na ang Pilipinas sa pagsasarili at pagiging malaya.

Sa ilalim ng Asambleang Pilipinas, maraming nagawang batas ang mga Pilipino, tulad ng Batas Gabaldon 1907. Ang may akda ng batas na ito ay si Isauro Gabaldon, ang batas na ito naglaan ng 1 milyong piso sa pagpapatayo ng mga paaralang pampubliko sa buong kapuluan mula 1908 hanggang 1915. Isa pang halimbawa ng batas na ginawa ng Asambleang Pilipinas ay ang Batas Bilang (Blg.) 1870. Ang batas na ito ang nagbigay daan sa pagtatatag ng Unibersidad ng Pilipinas noong Hunyo 18, 1908. Napagtibay din ang mga batas tungkol sa pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon. Kasama din ang batas tungkol sa sakahan, tulad ng patubig at bangkong pansakahan.

Maliban sa pagkakaroon ng Asambleang Pilipinas, marami pang napatunayan ang mga Pilipino sa kanilang kahusayan sa pamamahala. Ilan dito ay ang pagkahirang kay Gregorio Araneta bilang Kalihim ng Pananalapi at Katarungan, at kay Cayetano Arellano bilang Punong Mahistrado ng Korte Suprema. Lumawak din ang pakikibahagi ng mga Pilipino sa Pamahalaang Lokal at Serbisyo Sibil. Noong 1918, tinatayang 4% o apat na bahagdan na lamang ng mga posisyon sa pamahalaan ang hawak ng mga Amerikano.

Sa kabila ng pagsisikap ng mga Pilipino sa Mababang Kapulungan na patunayang may kakayahan sila sa pamamahala, sinasalungat pa rin sila ng mga mambabatas na Amerikano. Halimbawa ng pagsasalungatan ng mga mambabatas na mga Pilipino at Amerikano ay ang pagwawalang bisa sa sumusunod na mga batas:

- a. Batas Sedisyon 1901 (nagpaparusa sa sinumang may pahayag at sumulat ng anuman laban sa pamahalaan ng Estados Unidos).

- b. Batas Panunulisan (Brigandage Act) 1902 (nagpaparusa ng pagkabilanggo sa mga Pilipino na magtayo o bumuo ng mga samahan at kilusang makabayan).
- c. Batas sa Bandila 1907 na nagbabawal sa paggamit ng anumang sagisag o bandila, lalo na ang mga sagisag ng himagsikan. Ngunit ang batas na ito ay pinawalang bisa noong 1919.

### **Ang Batas Jones**

Noong 1916, ipinagtibay ang batas na nagbigay ng pag-asa sa mga Pilipino na makamit ang kalayaan kung mapapatunayan nilang may kakayahan na sila sa pagsasarili. Ang batas na ito ay tinawag na Batas Jones 1916 o Philippine Autonomy Act 1916. Sa pamamagitan ni Kinatawan William Atkinson Jones ng Virginia ay nilagdaan ni Pangulong Woodrow Wilson ang batas noong Agosto 29, 1916.

Ayon sa Batas Jones o Philippine Autonomy Act, dapat kilalanin ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas kapag mayroon na itong matatag na pamahalaan. Itinadhana ng batas na ito ang pagkakaloob ng kapangyarihang pambatasan sa dalawang kapulungan: ang Senado at ang Mababang Kapulungan. Pinalitan ng Senado ang dating Komisyon ng Pilipinas samantalang pinalitan naman ng Mababang Kapulungan ang Asambleya ng Pilipinas.

Ang bagong lehislatura o batasan sa ilalim ng Batas Jones ay pinasinayaan noong Oktubre 16, 1916. Si Manuel L. Quezon ang Pangulo ng Senado at si Sergio Osmeña, Sr. naman ang Ispiker ng Mababang Kapulungan.

Ang Batas Jones ay nagtadhana rin ng isang sangay na tagapagpaganap na pamumunuan ng gobernador-heneral at ng kanyang gabinete.

### **Paligsahan ng Pamunuan**

Sa pagsisikap ng mga Pilipino na makamit ang lubos na kalayaan ay umigting din ang labanang pulitikal sa pagitan ng mga Pilipino. Noong 1916, kinilalang lider ng Partido Nacionalista si Sergio Osmeña, Sr.. Nagtatag naman si Teodoro Sandico ng hiwalay na Partido Democrata Nacional, na ikinatuwa naman ng mga Progresista, kaya nagsanib ang dalawang Partido sa ilalim ng Partido Democrata na pinamunuan nina Claro M. Recto, Pio

Valenzuela at Jose Alejandrino. Sila ang naging oposisyon ng Partido Nacionalista.

Sinikap ng mga Pilipino lalo na nina Quezon at Osmeña na maayos ang kanilang sigalot. Sa haba ng mga tunggalian nila ay nabuo ang Partido Nacionalista. Layunin ng Partidong ito na magkaroon ng agarang kalayaan at makapagsarili ang bansa. Pinamumunuan ito nina Quezon at Osmeña.



Ngayon, subukan natin ang iyong natutunan tungkol sa Asambleang Pilipinas, Batas Jones 1916, at ang naging kumpetisyon ng mga Pilipino sa pamunuan. Sagutan mo ang sumusunod.

A. Panuto: Itapat ang **taon** na nasa hanay A sa **tamang batas o pangyayari** na nasa hanay B. Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel.

Hanay A

Hanay B

- |         |                                                                                      |
|---------|--------------------------------------------------------------------------------------|
| 1. 1901 | A. Ipinatupad ang Batas Jones                                                        |
| 2. 1902 | B. Ipinatupad ang Batas Panunulisan                                                  |
| 3. 1907 | C. Pinasinayaan ng Asambleang Pilipinas                                              |
| 4. 1916 | D. Ipinatupad ang Batas Sedisyon                                                     |
| 5. 1918 | E. Paglaki ng bilang ng mga kawani at pinunong Pilipino sa pamahalaan serbisyo sibil |

B. Buuin ang analohiya sa pamamagitan ng pagpuno ng tamang salita. Kompletuhin lamang ang mga titik o bilang sa linya upang makuha ang tamang sagot.

1. Batas ng Pilipinas 1902: Henry A \_ \_ \_ \_ C \_ \_ \_ \_ r
2. Batas Autonomiya: William Atkinson Jones
3. Pangulo ng Senado: M \_ \_ \_ \_ l L. \_ \_ \_ z \_ n
4. Ispiker ng Mababang Kapulungan: Sergio Osmeña, Sr.
5. Batas Jones: Batas Autonomiya

6. Batas Cooper: B \_ \_ \_ \_ ng P \_ \_ \_ \_ \_ s 1 \_ 0 \_
7. Kalihim ng Pananalapi at Katarungan: Gregorio Araneta
8. Punong Mahistrado ng Korte Suprema: C \_ y \_ t \_ n \_ A \_ \_ llano
9. Partido Nacionalista: \_ \_ \_ \_ \_ Osmeña, Sr.
10. Partido Democrata Nacional: Teodoro Sandico



## **Isaisip**

- Si Jose Barlin, Obispo ng Naga ang namuno sa dasal nang pinasinayaan ang Asambleang Pilipinas sa Manila Grand Opera House noong Oktubre 16, 1907.
- Batas Gabaldon 1907 ay batas tungkol sa pagtatayo ng mga paaralan sa buong Pilipinas.
- Ang Asambleang Pilipinas ay binubuo ng mga Pilipinong nakiisa sa pamahalaang sibil habang inihahanda ang mga Pilipino sa pagsasarili at pagiging malaya.
- Ang Batas Pilipinas 1902 o Batas Cooper ay nagtakda ng pagtatatag ng Asambleang Pilipinas bilang Mababang Kapulungan na kakatawan sa mga Pilipino bilang tagapagbatas.
- Maraming batas na naipatupad ang Asambleang Pilipinas para sa edukasyon, pagsasaka, transportasyon at komunikasyon.
- Ang Batas Jones 1916 ay nagbigay ng pag-asa sa mga Pilipino na matamo ang kalayaan sa oras na mapatunayan nila na sila ay may kasanayan at kakayahan na sa pamamahala at pagsasarili.



## **Isagawa**

Panuto: Sagutin ang blockbuster. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- B \_\_\_\_\_ 1. Anong B na nagtatadhana sa pagpapadala ng dalawang residenteng komisyonado?

- O \_\_\_\_\_ 2. Anong O ang buwan kung kailan pinasinayaan ang Asambleang Pilipinas?
- L \_\_\_\_\_ 3. Anong L ang apelyido ng isa sa dalawang unang dalawang komisyonadong ipinadala bilang kinatawan ng Pilipinas?
- G \_\_\_\_\_ 4. Anong G ang batas noong 1907 tungkol sa pagpapatayo ng mga paaralan sa buong Pilipinas?
- S \_\_\_\_\_ 5. Anong S ang batas noong 1901 na nagpaparusa sa sinumang may pahayag at sumulat ng anumang laban sa pamahalaan ng Estados Unidos?



## **Tayahin**

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

1. Ang Asambleang Pilipinas na nagbigay ng pagkakataon sa mga Pilipinong makisali sa pamamalakad sa pamahalaan.  
(Asambleang Pilipinas, Asambleang Estados Unidos)
2. Sa ilalim ng batas na ito naitatag ang Unibersidad ng Pilipinas.  
(Batas Jones, Batas bilang 1870)
3. Nahalal bilang Ispiker ng Mababang Kapulungan.  
(Manuel L. Quezon, Sergio Osmeña, Sr.)
4. Nagtakda ng pagtatag ng Asambleang Pilipinas bilang Mababang Kapulungan na kakatawan sa mga Pilipino bilang tagapagbatas.  
(Batas Jones, Batas Cooper)
5. Ang batas na nagbigay ng pag-asa sa mga Pilipino na matamo ang kalayaan sa oras na sila ay may kasanayan at kakayahan na sa pamamahala at pagsasarili.  
(Batas Jones, Batas Pilipinas 1902)

6. Ang namuno sa dasal nang pinasinayaan ang Asambleang Pilipinas sa Manila Grand Opera House noong Oktubre 16, 1907.  
(Jose Barlin, Jose Panganiban)
7. Ang Batas Jones ay kilala rin sa tawag na \_\_\_\_\_.  
(Batas Cooper, Philippine Autonomy Act)
8. Ang Batas ng Pilipinas 1902 ay kilala rin sa tawag na \_\_\_\_\_.  
(Philippine Autonomy Act, Batas Cooper)
9. Ang unang dalawang komisyonadong ipinadala sa Estados Unidos bilang kinatawan ng Pilipinas.  
(Sergio Osmeña, Sr. at Manuel A. Roxas, Pablo Ocampo at Benito Legarda)
10. Ang Batas na nagpaparusa sa sinumang mag pahayag at sumulat ng anumang laban sa pamahalaan ng Estados Unidos.  
(Batas Panunulisan, Batas Sedisyon)



## ***Karagdagang Gawain***

Magaling ka talaga! Ngayon gawin mo ang nasa ibaba.

- A. Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.
1. Batas ng Pilipinas 1902
  2. Batas Panunulisan
  3. Batas Sedisyon
  4. Asambleang Pilipinas
  5. Batas Jones 1916

**Aralin****2****Mga Misyong at Batas Pangkalayaan (Batas ng Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings McDuffie)**

Ating pag-aralan sa araling ito ang tungkol sa mga misyong pangkalayaan ng Pilipinas sa Estados Unidos. Nilalaman din nito ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie at ang mahahalagang probisyon ng mga ito.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. Maiisa-isa ang mga misyong pangkalayaan na pinadala ng Pilipinas sa Estados Unidos;
2. Matutukoy ang mahahalagang probisyon ng Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie tungo sa pagsasarili; at
3. Masusuri ang tunggaliang namagitan sa mga lider na Pilipino tulad nina Osmeña at Quezon.

***Balikan***

Napag-aralan mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa pagtatatag ng Asambleang Pilipinas. Natatandaan mo pa kaya ito? Subukin mong sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina.

Panuto: Sagutin ang blockbuster. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- O \_\_\_\_\_ 1. Anong O ang buwan kung kailan pinasinayaan ang Asambleang Pilipinas?




- S \_\_\_\_\_ 2. Anong S ang batas noong 1901 na nagpaparusa sa sinumang may pahayag at sumulat ng anuman laban sa pamahalaan ng Estados Unidos?
- B \_\_\_\_\_ 3. Anong B na nagtatadhana sa pagpapadala ng dalawang residenteng komisyonado?
- L \_\_\_\_\_ 4. Anong L ang apelyido ng isa sa dalawang unang dalawang komisyonadong ipinadala bilang kinatawan ng Pilipinas?
- G \_\_\_\_\_ 5. Anong G ang batas noong 1907 tungkol sa pagpapatayo ng mga paaralan sa buong Pilipinas?
- J \_\_\_\_\_ 6. Sinong J ang namuno sa dasal nang pinasinayaan ang Asambleya ng Pilipinas sa Manila Grand Opera House noong Oktubre 16, 1907?
- B \_\_\_\_\_ 7. Anong B na nagbigay ng pag-asa sa mga Pilipino na matamo ang kalayaan sa oras na mapatunayan nila na sila ay may kasanayan at kakayahan na sa pamamahala at pagsasarili?
- A \_\_\_\_\_ 8. Anong A ng Pilipinas na binuo ng mga Pilipinong nakiisa sa pamahalaang sibil habang inihahanda ang mga Pilipino sa pagsasarili at pagiging malaya.
- M \_\_\_\_\_ 9. Sinong M ang nahalal bilang pangulo ng senado?
- O \_\_\_\_\_ 10. Sinong O ang apelyedo ng nahalal bilang ispiker ng mababang kapulungan?



## **Tuklasin**

Bago ka pumunta sa iyong aralin, suriin mo ang larawan at sagutin ang katanungan sa susunod na pahina. Ipinakikita dito ang mga pangyayari at misyon na nakatulong sa pagkamit ng pagsasarili ng Pilipinas.



1. Nakatulong ba ang mga misyong pangkalayaan sa pagkamit ng ating kalayaan?
2. Masaya ka ba at naging malaya na tayo sa Estados Unidos? Bakit?



## ***Suriin***

### **Mga Misyong Pangkalayaan**

Ang Batas Jones 1916 ay nagtadhana ng kalayaan para sa Pilipinas, subalit hindi nito tiniyak ang takdang taon ng pagbibigay kalayaan. Nagpadala ang Pilipinas sa Estados Unidos ng mga misyong pangkalayaan upang makatiyak na ito ay matutupad.

Nasa talahanayan ang ilan sa mga misyong pangkalayaan na ipinadala sa Estados Unidos.

<b>Taon</b>	<b>Pinuno</b>	<b>Layunin</b>	<b>Bunga</b>
1919	Manuel L. Quezon	Magbigay ng rekomendasyon sa Kongreso ng Estados Unidos upang itakda ang kalayaan ng Pilipinas.	Tinanggihan ng mga Republikano sa Kongreso at ipinagpaliban ang pagbibigay ng kalayaan.
1921	Manuel L. Quezon	Ipahayag ang pagsalungat sa ulat nina William Cameron Forbes at Leonard Wood na ipagpaliban ang pagbibigay ng kalayaan sa Pilipinas.	Nabigo ang misyon.
1922	Sergio Osmeña, Sr. at Manuel L. Quezon	Ipagpatuloy ang paghingi ng kalayaan.	Nabigo dahil ayon kay Pangulong Warren G. Harding ay hindi pa napapanahon.
1923	Manuel Roxas	Magbigay ng pahayag tungkol sa tunay na kalayaan at kalutasan ng alitan ng mga mambabatas na Pilipino at Leonard Wood.	Tumanggi si Pangulong Calvin Coolidge at sinabing hindi makabubuti sa Pilipinas ang humiwalay sa Estados Unidos.
1924	Sergio Osmeña, Sr., Manuel L. Quezon, Claro M. Recto, at Manuel Roxas	Itaguyod ang panukalang Batas ni Fairfield tungo sa kalayaan ng Pilipinas sa paniniwalang ito ay maibibigay ng Estados Unidos.	Nabigo ang misyon.

1926	Sergio Osmeña, Sr.	Humingi ng kalayaan.	Nabigo dahil sa kawalan ng interes ng Pamahalaang Amerikano.
1927	Manuel L. Quezon	Pabulaanan ang ulat ni Koronel Carmi Thompson tungkol sa Pilipinas.	Nabigo ang misyong ito.
1930	Manuel L. Quezon	Muling humiling ng kalayaan.	Nabigo ang misyon.
1931	Sergio Osmeña, Sr. at Manuel Roxas (OSROX)	Maghanap ng batas na titiyak sa pagbibigay ng kalayaan ng Pilipinas.	Dinala sa Pilipinas ang Batas Hare-Hawes-Cutting (Kinatawan Butler Hare, Senador Harry B. Hawes at Senador Bronson Cutting).
1933	Manuel L. Quezon	Muling maghanap ng mas mainam na batas tungo sa kalayaan kaysa sa Batas Hare-HawesCutting (Batas HHC).	Napagtibay ang Batas Tydings-McDuffie bilang pagbibigay ng batayan sa kalayaan ng bansa.

### **Ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-McDuffie**

Sinasabing ang Batas Tydings-McDuffie ay halos kopya lamang ng Batas Hare-Hawes-Cutting. Ang parehong batas ay nagsasaad ng sumusunod:

1. Ang Kumbensiyong Konstitusyonal na bubuo ng Saligang Batas para sa Pilipinas;
2. Ang nabuong Saligang Batas ng Pilipinas ay lalagdaan ng Pangulo ng Estados Unidos;
3. Pagdaraos ng isang plebisito upang maiharap at mapagtibay ng sambayanan ang Saligang Batas; at

4. Pagpapahayag ng Kalayaan ng Pilipinas matapos ang 10 taong transisyon sa pamamahala.

Ayon Kay Quezon hindi mainam ang ilang probisyon ng Batas Hare-Hawes-Cutting tulad ng:

1. Pananatili ng mga base-militar sa Pilipinas;
2. Hindi patas na kalakaran sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos;
3. Ang mga limitasyong nakapaloob sa pagpasok ng mga Pilipino sa Estados Unidos; at
4. Pagkakaroon ng makapangyarihang komisyonado mula sa Estados Unidos.

Naging magkaiba ang pagtanggap nina Quezon at OSROX tungkol sa Batas Hare-Hawes-Cutting kaya nahati ang Partido Nacionalista. Ang anti ay pinamunuan ni Quezon at ang Pro ay pinamunuan nina Osmeña at Roxas (OSROX). Dahil dito, sinikap nina Osmeña at Roxas na iharap sa isang plebisito ang Batas Hare-Hawes-Cutting subalit sinalungat ito ni Quezon sa dahilang magastos. Sa halip ay inayos niya ang Lehislatura sa pamamagitan ng pagpapalit kina Osmeña bilang Pangulong Pro tempore ng Senado at Roxas bilang Ispiker ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

Sa pagtangi ng Lehislatura sa Batas Hare-Hawes-Cutting ay kinailangan ni Quezon na maghanap ng mas mabuting batas para sa pinakahihintay na kalayaan ng Pilipinas.

Pagdating ni Quezon sa Estados Unidos ay lubha siyang nahirapan sa kanyang misyong pangkalayaan dahil may mabigat na isyung pangkabuhayan sa Estados Unidos. Ngunit sa kabila noon ay nagsikap si Quezon na makakuha ng suporta mula kina Senador Millard Tydings at Kinatawan John McDuffie. Bilang tugon sa misyon ni Quezon, nilikha ni Tydings at McDuffie ang isang batas na halintulad sa Batas Hare-Hawes-Cutting maliban sa idinagdag na salitang complete (ganap) sa unahan ng salitang Independence (kasarinlan). Noong Marso 24, 1934, pinagtibay at nilagdaan ni Pangulong Franklin Delano Roosevelt ang Batas Tydings-McDuffie.



## **Pagyamanin**

Panuto: Sikapin mong ayusin ang mga titik upang mabuo ang wastong salita. Mayroon kang mababasang mga pangungusap bilang gabay upang madali mo itong masagutan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. M N A U E L Q E Z U O N - Ang nanguna sa paghanap ng batas pangkalayaan.
2. M S Y O N G I S O O R X - Kilala sa tawag na Misyong Pangkalayaan
3. S M E A Ñ O T A S A X O R - Namuno sa Misyong Pangkalayaan
4. F K L I N R A O S O E R V L E T - Ang nagpatibay at naglagda ng Batas Tydings-McDuffie
5. A S T A B O N E S J - Ang batas na nagtadhana ng kalayaan para sa Pilipinas, subalit hindi nito tiniyak ang takdang taon ng pagbibigay kalayaan.



## **Isaisip**

- Nakapaloob sa Batas Tydings-McDuffie na kilalanin ang kasarinlan ng Pilipinas sa Hulyo 4 kasunod ng huling taon ng Pamahalaang Komonwelt.
- Maraming misyong pangkalayaan sa Estados Unidos at ilan sa mga nakilalang pinuno nito ay sina Manuel L. Quezon, Sergio Osmeña, Manuel Roxas, at Claro M. Recto.
- Ang Batas Hare-Hawes-Cutting at Batas Tydings-Mc Duffie ay halos may parehong mga probisyon tungkol sa paglaya ng Pilipinas subalit tinutukoy sa Batas Hare-Hawes-Cutting ang ilang usapin tulad ng pananatili ng base militar, hindi patas na kalakaran, limitasyon sa pagpasok ng mga Pilipino sa Estados Unidos, at ang pagkakaroon ng makapangyarihang Komisyonado mula sa Estados Unidos.

- Nagkaroon ng matinding sigalot sa pagitan nina Osmeña at Quezon dahil sa usapin ng Pro Batas Hare-Hawes-Cutting at Anti Batas Hare-Hawes-Cutting.



## **Isagawa**

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang petsa ng sumusunod na pangyayari.

- \_\_\_\_\_ 1. Pagbigay ng rekomendasyon sa Kongreso ng Estados Unidos itakda ang kalayaan ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_ 2. Nilagdaan ni Pangulong Roosevelt ang Batas Tydings-Mc Duffie.
- \_\_\_\_\_ 3. Muling paghanap ni Manuel L. Quezon ng mas mainam na batas tungo sa kalayaan kaysa sa Batas Hare-Hawes-Cutting (Batas HHC).
- \_\_\_\_\_ 4. Nang itinaguyod ang panukalang Batas ni Fairfield tungo sa kalayaan ng Pilipinas sa paniniwalang ito ay maibibigay ng Estados Unidos.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang paghingi ni Sergio Osmeña, Sr. ng kalayaan, nabigo ito dahil sa kawalan ng interes ng Pamahalaang Amerikano.



## **Tayahin**

Panuto: Suriin kung **WASTO** o **MALI** ang isinasaad ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Lahat ng misyong pinadala ng Pilipinas sa Estados Unidos ay nabigo.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang Misyong OSROX ay pinamunuan nina Sergio Osmeña, Sr. at Manuel Roxas.
- \_\_\_\_\_ 3. Tinanggap agad ni Manuel L. Quezon ang panukala nina Sergio Osmeña at Manuel Roxas tungkol sa Batas Hare-Hawes-Cutting (Batas HHC).

- \_\_\_\_\_ 4. Naging magkaiba ang pagtanggap nina Quezon at OSROX tungkol sa Batas Hare-Hawes-Cutting.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang Batas Jones 1916 ay nagtadhana ng kalayaan para sa Pilipinas, subalit hindi nito tiniyak ang takdang taon ng pagbibigay kalayaan.
- \_\_\_\_\_ 6. Naghanap si Quezon ng mas mabuting batas kaysa Batas Hare-Hawes-Cutting para sa pinakahihintay na kalayaan ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_ 7. Ang naglagda ng Batas Tydings-McDuffie ay si Pangulong Roosevelt.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang Misyong OSROX ay naghanap ng batas na titiyak sa pagbibigay \_\_\_\_\_ ng kalayaan ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_ 9. Ayon sa Batas Tydings-McDuffie kilalanin ang kasarinlan ng Pilipinas sa Hulyo 4 kasunod ng huling taon ng Pamahalaang Komonwelt.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang Pro Batas Hare-Hawes-Cutting ay pinamunuan ni Quezon at ang Anti Batas Hare-Hawes-Cutting ay pinamumunuan nina Osmeña at Roxas (OSROX).



## ***Karagdagang Gawain***

Panuto: Sagutin ang sumusunod sa maikling pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel. (5 puntos)

1. Bakit mahalagang magkaroon ng kalayaan ang mga Pilipino?
2. Bakit hindi sumang-ayon si Quezon sa Batas Hare-Hawes-Cutting?
3. Mayroon bang pagkakaiba ang Batas Hare-Hawes-Cutting sa Batas Tyding-McDuffie? Ipaliwanag.
4. Madali bang nakuha ng mga pinunong Pilipino ang hinahangad na kalayaan para sa bansa?
5. Nagtagumpay ba ang misyong pangkalayaan sa mga layunin nito? Bakit?





# Susi sa Pagwawasto: Aralin 1

**Gawain B**  
Tanggapin ang mga sagot ng bata basta naayon ito sa tanong.

sa pamamahala at pagsasarili.  
mapatunayan nila na sila ay may kasamayan at kakayahanan na  
asa sa mga Pilipino na matamo ang kalayaan sa oras na  
5. Batas Jones 1916 - Ang Batas Jones 1916 ay nagbigay ng pag-  
inhahanda ang mga Pilipino sa pagsasarili at pagiging malaya.  
4. Asamblea ng Pilipinas- Ang Asamblea ng Pilipinas ay binubuo  
ng mga Pilipinong nakisa sa pamahalaang sibil habang  
Estados Unidos.  
3. Batas Sedisyon- Ang batas na nagpaparusa sa sinumang  
magpahayag at sumulat ng anumang laban sa pamahalaan ng  
samahan at kilusang makabayan.  
2. Batas Panunulisan- Ang batas na nagpaparusa ng  
bilang tagapagbatas.  
1. Batas ng Pilipinas 1902 - Ang Batas Pilipinas 1902 o Batas  
Cooper ay nagtataka ng pagtatag ng Asamblea ng Pilipinas  
bilang Mababang Kapulungan na kakatatagan sa mga Pilipino

**Gawain A**  
**Karagdagang Gawain**

**Tuklasin**  
1. Pinagsikrapang mabuti ng mga Pilipinong kasapi ng Asamblea dahil gusto nilang mapatunayan sa mga Amerikano na sila ay mayroon nang kakayahanan mamuno at makapagsarili.  
2. May sapat na silang kakayahanan dahil gumawa ng mga batas at sinamay silang mabuti ng mga Amerikano.

<p><b>Balikan</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Komisyon Schurman</li> <li>Komisyon Taft</li> <li>Ingles</li> <li>Komisyon Taft</li> <li>Komisyon Schurman</li> <li>Dr. Jacob G. Schurman</li> <li>William McKinley</li> <li>William H. Taft</li> <li>Komisyon Schurman</li> <li>Komisyon Taft</li> </ol> <p><b>Tayahin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Asambleya ng Pilipinas</li> <li>Batas bilang 1870</li> <li>Sergio Osmeña Sr.</li> <li>Batas Cooper</li> <li>Batas Jones</li> </ol>	<p><b>Pagyamanin</b></p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>D</li> <li>B</li> <li>C</li> <li>A</li> <li>E</li> </ol> <p>B.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Henry Allen Cooper</li> <li>Manuel L. Quezon</li> <li>Batas ng Pilipinas 1902</li> <li>Cayetano Arellano</li> <li>Sergio</li> </ol> <p>6. Jose Barlin</p> <p>7. Philippine Authonomy Act</p> <p>8. Batas Cooper</p> <p>9. Pablo Ocampo at Benito Legarda</p> <p>10. Batas Sedisyon</p>	<p><b>Isagawa</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Batas ng Pilipinas 1902</li> <li>Oktubre</li> <li>Legarda</li> <li>Gabaldon</li> <li>Sedisyon</li> </ol> <p><b>Subukin</b></p> <table border="0"> <tr> <td><b>A.</b></td> <td><b>B.</b></td> </tr> <tr> <td>1.D</td> <td>1. Tama</td> </tr> <tr> <td>2.C</td> <td>2. Mali</td> </tr> <tr> <td>3.B</td> <td>3. Tama</td> </tr> <tr> <td>4.A</td> <td>4. Tama</td> </tr> <tr> <td>5.D</td> <td>5. Tama</td> </tr> </table>	<b>A.</b>	<b>B.</b>	1.D	1. Tama	2.C	2. Mali	3.B	3. Tama	4.A	4. Tama	5.D	5. Tama
<b>A.</b>	<b>B.</b>													
1.D	1. Tama													
2.C	2. Mali													
3.B	3. Tama													
4.A	4. Tama													
5.D	5. Tama													



## Susi sa Pagwawasto: Aralin 2

**Karagdagang Gawain**

1. Mahalagang magkaroon ng kalayaan ang mga Pilipino upang matuto rin silang mamuno sa sariling bansa.
2. Hindi sumang-ayon si Quezon sa Batas Hare- Hawes-Cutting dahil walang nakalagay na ganap na kalayaan ng bansa.
3. Opo, dahil sa Batas Hare-Hawes Cutting walang salitang ganap na kalayaan, samantala sa Batas Tydings-McDuffie ay may nakalagay na salitang ganap na malaya ang Pilipinas pagkatapos ng sampung taon.
4. Hindi madaling nakuha ng mga pinunong Pilipino ang kalayaan ng Pilipinas.
5. Opo, nagtagumpay ang misyong pangkalayaan sa layunin nito dahil nakamit natin ang kalayaan.

<b>Balikan</b>		<b>Pagymamanin</b>		<b>Isagawa</b>		<b>Tayahin</b>	
1. Oktubre	1. MANUEL	1. 1919	1. 1919	1. 1919	1. Mali	2. Wasto	1. Mali
2. Sedisyon	2. QUEZON	2. 1934	2. 1934	2. 1934	3. Mali	3. Wasto	2. Wasto
3. Batas ng Pilipinas 1902/Batas Cooper	2. MISIONG	3. 1933	3. 1933	3. 1933	4. Wasto	4. Wasto	3. Mali
4. Legarda	3. OSROX	4. 1924	4. 1924	4. 1924	5. Wasto	5. Wasto	4. Wasto
5. Gabaldon	3. OSMENA AT	5. 1926	5. 1926	5. 1926	6. Wasto	6. Wasto	5. Wasto
6. Jose Barlin	ROXAS				7. Wasto	7. Wasto	6. Wasto
7. Batas Jones	4. FRANKLIN				8. Wasto	8. Wasto	7. Wasto
8. Asambleya ng Pilipinas	ROOSEVELT				9. Wasto	9. Wasto	8. Wasto
9. Manuel L. Quezon	5. BATAS JONES				10. Mali	10. Mali	9. Wasto
10. Osmeña							

## **Sanggunian**

- Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Malaya, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 138, 145-147.
- Florencia C. Domingo, Ph.D. et al., *Pilipinas: Isang Sulyap at Pagyakap, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan 1* Makati City: EdCrisch International, Inc., 2006, 198-200.
- Ang Pilipino sa Pagbuo ng Bansa, Batayang Aklat sa Kasaysayan, Heograpiya at Sibika para sa Ikaanim na Baitang.* 227-232.
- Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Papaunlad 6, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 197-199.
- Project EASE (Effective and Alternative Secondary Education). *Araling Panlipunan I, Modyul 13, Ang Paghahanda para sa Pagsasarili.* Department of Education, 2014.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)